# SECOND DIVISION

## [ G.R. No. 246997, May 05, 2021 ]

### IN THE MATTER OF THE PETITION FOR THE PROBATE OF THE LAST WILL AND TESTAMENT OF CECILIA ESGUERRA COSICO,

### THELMA ESGUERRA GUIA, PETITIONER, VS. JOSE M. COSICO, JR., MANUEL M. COSICO, MINERVA M. COSICO, AND ELEANOR M. COSICO-CHAVEZ, RESPONDENTS.

### D E C I S I O N

**LAZARO-JAVIER, J.:**

**The Case**

This petition for review on *certiorari*[1] seeks to reverse the following dispositions of the Court of Appeals in CA-G.R. CV No. 104111, entitled *In the Matter of the Petition for the Probate of the Last Will and Testament of Cecilia Esguerra Cosico – Thelma Esguerra Guia v. Jose M. Cosico, Jr., Manuel M. Cosico, Minerva M. Cosico, and Eleanor M. Cosico-Chavez*:

1. Decision[2] dated December 7, 2018, reversing the Decision of the Regional Trial Court (RTC)-Br.32, San Pablo City which admitted to probate Cecilia Esguerra Cosico's last will and testament; and

2. Resolution[3] dated May 8, 2019, denying reconsideration.

**Antecedents**

Cecilia Esguerra Cosico (Cecilia) was born in 1932 to Jose Cosico, Sr. and Corazon Esguerra (Corazon). She was born with a physical disability and was known in the locality as a "*lumpo*." Corazon passed away when Cecilia was just one (1) year old and the latter was left in the care and custody of her maternal aunt, Mercedes Esguerra Guia (Mercedes). Mercedes raised Cecilia in their home in Schetilig Avenue, San Pablo City, together with Mercedes's legally adopted daughter, petitioner Thelma Esguerra Guia (Thelma). Because of her physical condition, Cecilia spent most of her days in her bedroom. She never attended school nor learned to read or write.[4]

In 1996, when she was sixty-four (64) years old, Cecilia decided to execute her last will and testament. Through Thelma's *balae* Liberato B. Benedictos (Liberato), Cecilia asked Atty. Danton Q. Bueser, then a notary public (now a retired Associate Justice of the Court of Appeals), for assistance in preparing the last will.[5] For the purpose of this case though, we shall refer to him as Atty. Bueser.

On September 8, 1996, Atty. Bueser and Liberato went to Cecilia's house. Atty. Bueser and Cecilia talked inside the latter's bedroom while Liberato stayed outside by the door. Liberato heard Cecilia call Mercedes whom she directed to collect documents from the steel cabinet. Mercedes complied and handed over the documents to Atty. Bueser.[6]

On September 10, 1996, Atty. Bueser and Liberato returned to Cecilia's house with the finished copy of her last will and testament denominated *Huling Habilin at Pagpapasiya* which consisted of four (4) pages, *viz*.:

HULING HABILIN AT PAGPAPASIYA

ALAMIN NG LAHAT NA:

AKO, CECILIA COSICO ESGUERRA, may sapat na gulang, dalaga, mamamayang Pilipino at kasalukuyang naninirahan sa No. 16 Schetilig Avenue, Lunsod ng San Pablo, samantalang malinaw, tumpak at wasto ang aking pag-iisip, diwa at alaala, nasa akin naman ay walang pumilit, tumakot, nagudyok o humikayat ay kusang-loob kong isinagawa at ngayon ay ipinahahayag ang kasulatang ito, bilang aking HULING HABILIN o TESTAMENTO at PAGPAPASIYA, sa wikang Tagalog na katutubong wika at aking kinagisnan, at lubos na nauunawaan:

I. Na aking ninanais na kung sakali't pumikit ang aking mga mata na ang aking bangkay ay paglamayan at ilibing nang naaayon sa kaugalian ng Simbahang Katoliko, Apostoliko Romano;

II. Na ang mga ari-ariang aking maiiwan ay ang mga sumusunod:

1) Isang lagay na lupang niyugan tumatayo sa nayon ng Sta. Isabel, Lunsod ng San Pablo, may tanim na 234 puno ng niyog nabunga, may sukat na 11,990 metros cuadrados, ang kabalantay sa Ilaya, Enrique Bautista; sa Silangan, Simplicia Capina; sa ibaba, Leoncio Cornista at sa Kanluran, Basilia Tan. Tax Dec. No. 94-054-515, valor amillarado P21,700.

2) Isang lagay na lupang niyugan tumatayo sa nayon ng Sta. Isabel, Lunsod ng San Pablo, may tanim na 105 puno ng niyog nabunga, may sukat na 6,223 metros cuadrados, ang kabalantay sa Ilaya, Epifanio Capina; sa Silangan, Vicente Angeles; sa ibaba, Brigida Escriba at Lauro Cabrera; at sa Kanluran Cornelio Esguerra. Tax Dec. No. 94-054-850, valor amillarado P10,460.00.

3) Isang lagay na lupang niyugan tumatayo sa nayon ng Sta. Isabel, Lunsod ng San Pablo, may tanim na 130 puno ng niyog nabunga at may sukat na 13,685 metros cuadrados, ang kabalantay sa Ilaya, Cristina Rivera; sa Silangan, Hermogenes Collado; sa Ibaba, Gregorio Capistrano at

Artemio Dichoso; at sa Kanluran, Felipe Capina. Tax Dec. No. 94-054-851, valor amillarado P23,000.00.

4) Isang lagay na lupang niyugan tumatayo sa nayon ng Sta. Isabel, Lunsod ng San Pablo, may tanim na 113 puno ng niyog nabunga, may sukat na 3,780 metros cuadrados, ang kabalantay sa Ilaya, Cornelio Esguerra; sa Silangan, Andres Cornista; sa Ibaba, Cornelio Esguerra at sa Kanluran, Cornelio Esguerra at Agripino Cornista. Tax Dec. No. 94-054-849, valor amillarado P6,360.00.

5) Isang lagay na lupang niyugan tumatayo sa nayon ng Sta. Isabel, Lunsod ng San Pablo, may tanim na 224 puno ng niyog na nabunga, may sukat na 12,136 metros cuadrados, ang kabalantay sa Ilaya, Pedro Capina; sa Silangan, Cornelio Esguerra; sa Ibaba, Antonio Capina at sa Kanluran, Melecio Brinas. Tax Dec. No. 94-058-255, valor amillarado P20,000.00.

6) Isang lagay na lupang niyugan tumatayo sa nayon ng Concepcion, Lunsod ng San Pablo, may tanim na 27 puno ng niyog na nabunga, may sukat na 897 metros cuadrados, ang kabalantay sa Ilaya, Silvestre Guia, sa Silangan, Leoncio Capina; sa Ibaba, Crispin Bakod at Cornelio Esguerra; at sa Kanluran, Leoncio Capina at Cornelio Esguerra. Tax Dec. No. 94-041-1552, valor amillarado P1,470

7) Ang aking ika-limang bahagi ng lupang tubigan at araruhin na tumatayo sa nayon ng Dayap, Municipio ng Calauan, Laguna, na may Tax Dec. 680 at 681, at sa nayon ng Santol, Calauan, Laguna na may Tax Dec. No. 683 at 3521.

III. Na kung sakali at bawian ako ng Poong Maykapal ng aking hiram na buhay, ay nais kong ipamana, ibigay, at ipatungkol ang aking mga ari-ariang binabanggit sa unahan nito at bayarang lahat ang aking pagkakautang sakalit may maiiwan akong pagkakautang, sampo ng magagastos sa aking paglilibing ay bayarang lahat sa kuartang kinikita ng aking kabuhayang maiiwan, nang katulad ng sumusunod:

1) Sa aking tjyahing nasi MERCEDES ESGUERRA GUIA, na siyang nagaruga, naglingkod sapul pa sa aking pagkabata, at nagbantay sa aking pagkakasakit. IV. Na kung sakali at mauna akong bawian ng buhay kaysa aking tiyahin, ay aking ipinahahayag at siyang ninanasa, na dapat na igalang nang lahat, na ang aking tiyahing si MERCEDES ESGUERRA GUIA ang siyang tangi magpapatuloy na gumamit at makinabang sa aking mga ari-ariang natatala sa unahan nito;

V. Upang ang Huling Habiling ito ay mapagtibay sa Hukuman, at matupad ang nilalaman, ay aking hinihirang at itinatalaga si MERCEDES ESGUERRA GUIA bilang siyang tanging tagaganap at tagapangasiwa nitong aking Huling Habilin o Testamento; at kung sa anupamang kapansanan ay hindi siya makatupad, ay aking hinihirang bilang kahalili niya, ang kanyang anak na si THELMA GUIA ESTIVA;

VI. Na aking pinagtitibay na ang tagapangasiwa at tagaganap na aking dito'y hinirang, at ang kanyang kahalili, ay hindi na kailangan magbigay pa ng anumang lagak o piyansa;

VII. Na aking binabawi at pinawawalang-saysay ang lahat at anumang kasulatan, Testamento, hayag at di hayag, na akin nang naisagawa, nilagdaan o ipinahayag nang nauna rito.

SA KATUNAYAN NG LAHAT, ako ay lumagda sa ibaba nito, ngayon araw ng _____, buwan ng _________________ taong 1996 dito sa Lunsod ng San Pablo, Republika ng Pilipinas.

CECILIA ESGUERRA COSICO

PAGPAPATUNAY NG MGA SAKSI

KAMI, na mga nangagsilagda sa ibaba nito bilang saksi, ay nagpapatunay na ang naunang kasulatan ay siyang pinagtibay ni Bb. CECILIA ESGUERRA COSICO bilang kanyang Huling Habilin o Testamento, nalalaman naman naming yaon ay kanyang isinagawa samantalang malinaw ang kanyang isipan at diwa, at alam niya ang kanyang ginagawa; at yaon ay nilagdaan niya sa aming harapan sa gawing ibaba at sa kaliwang gilid ng bawat dahon; at kami naman, sa kanyang kahilingan, ay nangagsilagda rin sa ibaba nito at gayon din sa kaliwang gilid ng bawat dahon sa harapan niya at ng bawat isa sa amin, at sa harapan ng Notaryo Publiko, ngayong ika-__ araw ng buwan ng __________ taong 1996 dito sa Lunsod ng San Pablo.

LIBERATO B. BENEDICTOS (sgd.)
naninirahan sa Villa Subd., Schetilig Ave., San Pablo City

RICARDO C. PANDINO (sgd.)
Brgy. Sta. Isabel, San Pablo City

REYNALDO M. GIGANTE (sgd.)
Brgy. Sta. Isabel, San Pablo City

REPUBLIKA NG PILIPINAS}
LALAWIGAN NG LAGUNA}
BAYAN NG SAN PABLO}

SA HARAPAN KO, ngayong ika-10 araw ng buwan ng Setyembre taong 1996, dito sa Lunsod ng San Pablo, ay dumulog si CECILIA ESGUERRA COSICO may katibayan ng paninirahan Blg. A 6536790 gawad noong ika-13 ng Aug. 1996 dito sa Lunsod ng San Pablo. Kilala ko na siya ang nagsasagawa na naunang HULING HABILIN o TESTAMENTO, na kanyang

isinagawa at nilagdaan sa harapan ng kanyang tatlong saksi na sina LIBERATO B. BENEDICTOS may K. P. Blg. A 3257377 gawad sa Lunsod ng San Pablo noong Enero 12, 1996; GIGANTE M. REYNALDO may K. P. Blg. A 3257581 gawad sa Lunsod ng San Pablo noong Jan. 3, 1996; RICARDO C. PANDINO may K. P. Blg. A 6540602 gawad sa Lunsod ng San Pablo noong Sept. 3, 1996. Na lahat sila ay nagsilagda ng kanilang mga pangalan sa ibaba na pagpapatunay na ito at sa bawat dahon sa harapan ni Bb. CECILIA ESGUERRA COSICO at ng bawat isa sa kanila at sa harapan ko at pinatunayan nila na yaon ay kanilang nilagdaan at isinagawa nang malaya at kusa sa kanilang kalooban.

Ang HULING HABILIN ito ay binubuo ng apat (4) na dahon, kasama ang dahong kinaroroonan ng pagpapatunay at pagpapatotoong ito. SAKSI ang aking lagda at panatak pangnotaryo.

DANTON Q. BUESER (sgd.)
NOATARAY PUBLIC
UNTIL DEC. 1996
PTR No. 4206201
San Pablo City

Doc. No. 177
Page No. 37
Book No. 33
Series of 1996

Reynaldo M. Gigante (Reynaldo) and Ricardo C. Pandino (Ricardo) were also present at Cecilia's house that night upon her request. Reynaldo was the son of Cecilia's helper, while Ricardo was a neighbor who regularly went to the house to buy coconuts from Mercedes.[7]

In the presence of Liberato, Reynaldo, and Ricardo who served as notarial witnesses to Cecilia's *Huling Habilin at Pagpapasiya*, Atty. Bueser read the contents of the document to Cecilia and carefully explained to her its effects and consequences. He then asked her if she fully understood its contents and whether it was done according to her wishes. Cecilia confirmed.[8]

After Atty. Bueser read and explained the contents of the *Huling Habilin at Pagpapasiya*, Cecilia affixed her thumbmark to the will on top of her printed name and on the lower left portion of the first and second pages of the document – all in the presence of Atty. Bueser and her notarial witnesses. Subsequently, in the presence of Liberato, Reynaldo, and Ricardo, both Cecilia and Atty. Bueser signed on the left margin of the first two pages of the *Huling Habilin at Pagpapasiya* and at the end of the attestation clause.[9]

After all the preparations, Atty. Bueser handed over the signed copy of the *Huling Habilin at Pagpapasiya* to Cecilia.[10]

On March 22, 2006, Cecilia died at the age of seventy-four (74). Following her death, Mercedes obtained a copy of the *Huling Habilin at Pagpapasiya*, had it photocopied and gave her spouse Gomerciendo Guia and Thelma a copy each. [11]

On May 9, 2009, Mercedes died.[12]